1

Salubong ang mga kilay at isang linya lang ang mga labi ni Guiller nang lumabas ng arrival area ng *NAIA*. Kung may magkakamali nga lang magbiro sa kanya ay baka patulan niya dahil sa init ng kanyang ulo.

Noong isang araw pa siya balisa at galit. Tumawag kasi ang isang pinsan niya at ibinalitang may kinalolokohan daw na isang babae ang kanyang biyudong ama. Hindi naman big deal sa kanya iyon, kung kaedad lang sana nito ang kinahuhumalingang babae. Ang kaso isang twenty-five-year -old dance instructress ang napabalitang nililigawan nito.

Kaya heto siya ngayon, napilitang iwan ang trabaho bilang operations manager sa isang off-shore rig sa Australia. Tatlong buwan pa ang nalalabi sa present contract niya. Mabuti na lamang at pinayagan siyang makapagbakasyon kahit dalawang linggo. Ikinatuwiran na lamang niyang may family emergency siya na dapat ayusin, which was true. Kailangan niyang makumbinsi ang ama na kalimutan na ang babaeng kinababaliwan nito.

Hindi na siya nag-abala pang sabihan ang daddy niya. Gusto niyang masorpresa ito. Or rather, gusto niyang mahuli ito sa akto.

Pagkatapos ng isang oras at kalahating biyahe mula sa airport ay huminto ang taxi sa tapat ng isang upscale two-floor

house na nasa gitna ng malawak na bakuran, sa isang subdivision sa Sta. Rosa, Laguna. On the left adjacent to the house was a wide porch with wooden railings, thick wooden posts and a roof. On the right was the closed-door garage which housed his brand-new *Ford Escape XLS* and his father's battered *Toyota Corolla*.

Binayaran niya ang pamasahe sa taxi at bumaba. Bitbit ang dalawang malaking bag ay nag-doorbell siya. Isang matandang lalaki ang nagbukas ng service gate para sa kanya.

"Guiller?"

"Kumusta ho, Tatay Marcel?" tanong niya sa matandang hardinero. Hindi ito magkamayaw sa pagtulong sa kanya.

"Aba'y mabuti naman. Bakit hindi ka nagpasabing ngayon na pala ang uwi mo? Ang sabi ng papa mo'y sa Nobyembre ka pa uuwi."

Hindi na niya kailangang ipaalam sa kausap ang talagang dahilan ng pag-uwi niya. "Nasa itaas ba ang Papa?"

"Naku, may dance lesson siya tuwing umaga. Mamaya pa ang kanyang uwi makapananghali."

Nagtagis ang kanyang mga bagang. Kung gayon ay totoo pala ang balita. Still, he pretended not to know anything.

"Dance lessons? Kailan pa nag-aral magsayaw ang Papa?"

Malapad ang naging ngiti ni Mang Marcel.

"Naku, eh, nayakag noong isang kumpare niya doon sa *STEPS*. Naengganyo nang magsayaw kasi maganda raw at seksi iyong nagtuturo."

Lalong lumalim ang gatla niya sa noo. Yumuko siya para hindi iyon makita ng matanda.

Nang buksan nito at ipasok ang mga bagahe niya sa kanyang silid ay muli itong nagsalita.

"Gusto mo bang tawagan ko ang papa mo at sabihin kong narito ka na?"

Umiling siya. "Hihintayin ko na lang po siya."

"Sige, ikaw ang bahala. Maiwan muna kita't sasabihan ko ang Nanay Imelda mo na dagdagan ang nilutong pagkain."

"Sige po. Salamat."

Tinanguan siya ng hardinero bago ito umalis.

Pagod na inihiga ni Guiller ang katawan sa kama. It had been a stressful flight.

Inilibot niya ang paningin sa kabuuan ng silid. Nothing had changed. Earth tone pa rin ang color motif ng silid niya. Even the bedspread was in moss green. So was the two-seater couch at one corner. May sarili siyang plasma TV at audio set sa kanyang kuwarto. Sa adjacent room ay ang mini-office niya with his work table and his computer. Ang isa pang adjacent room ay

ang bathroom na may jacuzzi tub. His room boasts of luxury and comfort. At ganoon din ang buong bahay.

Hindi man sila maituturing na filthy rich, siniguro niyang makasasabay sila sa ibang mayayaman. Isa iyon sa goal na niya sa kanyang sarili noong nag-aaral pa siya. That one day, they'd have all the luxuries na hindi niya naranasan noong kabataan niya.

His father was a retired *Philippine Navy* official. Ordinaryong sundalo lang ito noon at sapat lang ang kita para mabuhay sila. Mabuti na nga lamang at nag-iisang anak lang siya kaya naigapang nito ang kurso niyang Mechanical Engineering sa *Mapua Institute of Technology*. He graduated *summa cum laude* and topped the licensure exam.

Bago pa siya napunta sa *INTGasCo*, nakapagtrabaho na siya sa ilang malalaking kompanya sa abroad. Siya ang hinahanap ng trabaho. Companies hired him on his terms. Hindi naman kasi lugi ang mga ito sa salary requirement niya. He was a damn good engineer, at hands-on sa kanyang trabaho. He also didn't settle for anything less. Kaya naman gustong-gusto siya ng mga amo niya.

Sampung taon na siyang pabalik-balik sa abroad. Naipundar niya ang bahay at lupa nila pati na ang dalawang sasakyan, na ang isa ay noong isang taon lamang niya nabili. May sampung pintong apartment siya na pinapaupahan at franchise ng dalawang sikat na fastfood restaurant sa *SM City Sta. Rosa*. He had enough savings to settle down, have three kids and live comfortably for the rest of his life. Pero sa edad na thirty-five, hindi pa siya sawa sa

pagkabinata. At wala pa rin siyang balak tumigil sa pagtatrabaho.

Naupo siya sa kama.

Hindi madaling i-handle ang operasyon ng isang off-shore rig. His job required his full attention and concentration. And the unexpected news from Ed distracted him for days. Hihintayin na sana niya ang naka-schedule niyang bakasyon. Pero hindi talaga siya mapakali. The matter just couldn't wait.

Malalim siyang napabuntong-hininga. Kung bakit kasi kung kailan pa tumanda ang kanyang ama, saka pa nagloko!

Kung sabagay, fifteen years na kasi itong biyudo. Nasa college siya nang mamatay sa atake sa puso ang mama niya. Pero kahit pa!

STEPS…

Nabanggit sa kanya ng pinsan niya na iyon daw ang dance studio na pinagtuturuan ng kinalolokohang babae ng papa niya. Katabi lang daw iyon ng *SM City*. Puwede niya iyong puntahan kapag binisita niya ang dalawa niyang restaurant.

Ngayon pa lang ay curious na siya sa hitsura ng babae. Ang sinabi ni Mang Marcel ay maganda raw ito at sexy. Sa isip niya ay nabuo ang imahe nito—maputi, malaki ang boobs, namumula sa lipstick ang mga labi, makapal ang mascara, may kulay ang ni-rebond na buhok. Walang duda na mukha itong GRO. Sino ba naman kasi ang papatol sa tatay niya kundi isang naghahanap

ng sugar daddy?

Well, he couldn't deny that his father was still attractive. Magandang lalaki ito, matikas pa rin ang tindig at well-toned ang katawan kahit lagpas sisenta na. Hindi kataka-takang may magkagusto pa rito.

Napangiwi siya. But still, the idea that he was dating a twenty-five-year-old? It's preposterous!

Muli siyang bumuntong-hininga.

Tumayo siya at naghubad. Magbababad muna siya sa jacuzzi bago bumaba.

Humimpil ang lumang model ng *Toyota Corolla* sa tapat ng isang katamtamang laking apartment. Umibis si Maia kasabay ni Gerardo San Gener.

"Salamat sa lunch at saka sa free ride, Tito Gerry."

"Okay lang iyon, Hija. Alam mong malakas ka sa akin."

Buong pagkaaliw na tumawa siya. She had always adored the old man. Mula nang mag-enroll ito sa *STEPS* at maging estudyante niya ay wala na itong ginawa kundi ang patawanin siya. There was never a dull moment with him.

And he adored her like a daughter too. Dama niya iyon sa kilos nito. Walang malisya ang ipinapakita nitong concern sa

kanya.

Matagal na itong biyudo. Ang kaisa-isa nitong anak ay pabalik-balik sa abroad, kaya bihirang makasama ng matanda. Malungkot lamang ito, kaya napalapit sa kanya nang todo.

"Siyanga pala, iyong offer ko sa iyo? Hindi iyon isang biro, Maia," anitong ang tinutukoy ay ang inalok nitong solusyon sa problema niya. "At huwag mong isipin na gusto kong mag-take advantage. Gusto lang talaga kitang tulungan. I'm only offering you my name, Hija."

Nginitian niya ang kausap. Parang gusto niyang maiyak dahil sa sincerity na nahimigan niya sa tinig nito.

All her life she had never felt the love of a father. Lumaki siyang ulila at bahay-ampunan ang nakagisnan niyang tirahan. For a stranger to show this kind of affection, isang malaking blessing na iyon para sa kanya.

"I know, Tito Gerry. At hindi ko ho kayo pinag-iisipan ng masama. Natatakot lang po ako sa maaaring maging implications sa inyo. Siguradong pag-uusapan kayo ng mga tao."

"Nakow! Ba't ba sila ang iisipin mo? Hindi nila ako pinapakain, kaya wala silang karapatang husgahan ako o pulaan ang ginagawa ko sa buhay," balewalang tugon nito.

"Pero paano po ang anak ninyo?"

Hindi pa niya nakikita ang anak nitong binata. Pero sa

kuwento nito ay matalino at mabait naman ito.

"Ako'ng bahala kay Guiller. Huwag mo na siyang problemahin."

Napangiti siya. "Hayaan n'yo ho't pag-iisipan ko."

"Aba'y huwag mong tagalan at nang may magtuturo na sa akin ng Tango nang libre."

Muli ay napahalakhak siya. Naaaliw siyang talaga kay Gerardo. Hindi ito nauubusan ng hirit na nakakapagpagaan ng loob niya.

"O sige na, ako'y uuwi na't baka ipahanap na ako sa pulis ng mga katulong. Maghapon na akong wala sa bahay."

Gaya ng nakagawian niya, tumiyad siya at ginawaran ito ng halik sa pisngi. Niyakap naman siya ng matanda.

"You take care, Maia. Alam mong mahal kita na parang isang anak. I don't want you to worry about anything. Narito lang ako para tulungan ka, okay?"

Nakangiti siyang tumango. Umalis na rin ito nang makapasok siya sa gate. Sinalubong siya ng isang babae nang pumasok siya sa apartment.

"Magandang hapon po, Aling Cecille. Kumusta po si Ian?"

"Naku, eh, wala namang kahirap-hirap alagaan iyang anak mo. Hayun at matapos kong padedehin ay natulog na,"

nakangiting sagot nito.

Kapit-bahay nila si Aling Cecille. Dito niya ibinibilin ang pangangalaga sa seven-month-old niyang anak kapag pumapasok siya sa dance studio.

"O, paano, ako'y uuwi na. Okay na ba kayong mag-ina dito?"

Tumango siya. "Oho. Maraming salamat ho uli."

"Naku! Wala iyon. Basta kung may kailangan ka, nariyan lang ako sa kabilang pinto."

Muli siyang nagpasalamat sa kapitbahay at inihatid pa ito sa gate.

"Oo nga pala, Maia, tumawag uli iyong Lydia Pasco."

Biglang kinabog ang dibdib niya. "A-ano ho ang sinabi?"

"Wala naman. Nang sabihin kong wala ka'y sinabi lang na tatawag na lamang siya uli."

Sa halip na mabawasan ang kaba ay lalo pa siyang nag-alala. Nang tuluyang lumabas ang babae at tumawid sa kabilang side ay saka siya bumalik sa loob ng bahay. Pumasok siya sa kuwarto nilang mag-ina. Tulog na tulog si Ian sa gitna ng kama.

Naupo siya sa gilid at may ngiti sa labing hinaplos ang ulo ng anak.

Less than two months ago, namatay sa isang aksidente ang

best friend niyang si Alina kasama ang asawa nitong si Bernie. Pansamantalang naiwan sa pangangalaga niya si Ian.

At malapit na siyang mawala sa iyo kung hindi mo magagawan ng paraan sa loob ng isang buwan.

She shuddered with fear. Kahit ilang buwan pa lamang na nasa kanya si Ian ay napamahal na ito sa kanya nang husto. At hindi niya kakayaning mawala ito sa poder niya.

Nang mailibing ang mag-asawa ay nag-iwan ang mga ito ng will na nagsasaad na sa kanya ipinagkakatiwala ng mga ito ang legal guardianship kay Ian, pati na ang half a million trust fund na para rito. Lamang, may addendum din na nagsasaad na kung sa panahong mawala ang mag-asawa ay dalaga pa siya, kailangan niyang mag-asawa sa loob ng tatlong buwan mula sa pagkakabasa ng will para permanenteng mapunta sa kanya ang custody ng musmos. Kung hindi ay mapupunta ito sa natitirang biological relative ng bata, ang ina ni Alina na si Lydia Pasco.

Mapait siyang napangiti. How could a woman who had abandoned her child before care for a baby? Siguradong pababayaan lamang nito ang bata at wawaldasin ang trust fund. Honestly, she didn't care about the money. Kung may karapatan nga lamang siyang ipamigay ang pera, gagawin na niya para tigilan siya ng matanda. Higit siyang nag-aalala para sa bata.

No! She couldn't let Lydia have him.

If only she could find a husband before the month ends.

Iyon ang problemang naihinga niya kay Tito Gerry. Walang kaabug-abog itong nag-alok ng kasal para matulungan siya. Nabigla siya nang marinig iyon mula sa matanda. But he stressed that it would be a marriage in paper only. Para lang hindi mawala sa kanya si Ian.

She believed him. Pero naroon pa rin ang pangamba sa kanyang puso.

Kumilos ang bata at bahagyang nagmulat ng mga mata. Hinalikan niya ito sa pisngi at tinapik-tapik sa puwit. Muli itong pumikit at natulog.